IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# Sulyap-Lakbay sa Gandang Bulaneño

**Alita G. Santayana, MAED/Felisa D. Marbella, PhD**
Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstrak:* Natiyak sa pag-aaral na ito ang mga natatanging turismo at ang pagkakakilanlan nito sa bayan ng Bulan, lalawigan ng Bulan, taong 2023. Deskriptib-debelopmental ang desinyo na ginamit sa paglikom ng mga datos o impormasyon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng tatlong kalahok kalahok sa bawat barangay opisyal, mamamayan, guro, mag-aaral, at turista na may kabuuang bilang na 225. Ang mga kalahok ay mula sa 15 barangay. Nagsagawa ng isang interbyu at sarbey ang mananaliksik. Ang mga nalikom na datos ay binigyan ng naayon napag-aanalisa, pagsusuri, at interpretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika at pag-aanalisa.

Natuklasan na may mga kuwentong nakapaloob sa bawat lugar panturismo sa bayan ng Bulan na siyang nagdaragdag sa kagandahan ng lugar. May mahalagang benepisyong dulot ang turismo sa bayan ng Bulan sa iba't ibang larangan. Mahalaga ang ambag ng turismo sa wikang Filipino lalo na sa usapin ng pagpapaunlad nito.Inirekomenda ng mananaliksik na patuloy paunlarin at kilalanin ang mga turismong mayroon ang bayan ng Bulan.Panatilihin at pagyamanin ang pa ang mga benepisyong na idudulot ng turismo. Mas ipakilala pa ang kuwentong na kapaloob sa mga turismo upang mas makilala pa ang mga lugar panturismo. Pahalagahan ang turismo upang mas lalo pang umunlad ang wikang Filipino. Maging batayan ang mungkahi ng pag-aaral sa ika-uunlad ng turismo ng bayan ng Bulan. Ito rin ay maaaring gamitin ng ahensya ng turismo sa pagpapakilala ng turismo sa bayan ng Bulan. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa usapin ng turismo at wikang Filipino.

**Susing-salita:** sulyap-lakbay, gandang Bulaneno, benepisyo,panturismo, wikang Filipino

## 2. INTRODUKSIYON

Ang muling pagsulyap sa isang lugar ay siyang pagbibigay ng malawakang pang-unawa sa gandang taglay ng isang lugar. Ito ay isang kahanga-hangang larangan na hindi lamang nagbibigay ng kamangha-manghang mga karanasan sa paglalakbay kundi may malalim na epekto rin sa ekonomiya, lipunan, at kalikasan lalo pa sa kuwentong taglay nito.

Ang pagkakaroon at pag-alam ng katangian ng isang lugar ay malaki ang tulong upang magkaroon ng pansariling pagkakakilanlan ng isang lugar. Ang isang tagapagmasid ay nagbibigay ng partikular na pagkakakilanlan sa isang pook, ang pagkakakilalang ito ay batay sa makabuluhang nilalaman na nagbibigay-katangi-tangi sa pook. Ang proseso ng pagkakakilanlan ay gumagamit ng mga bahagi na madaling makita o maobserbahan at mga bahagi na nagpapadali sa proseso ng positibong kaibahan (Ramos, Bernardo, Ribeiro, at Van Eetvelde, 2016).[1]

Ang mga lugar pasyalan ay nagpapalawak sa paggamit ng wika sa kabila ng mga komersiyalisado na konteksto at sa mga bago, makabagong espasyo, gayundin sa pagtataas ng katayuan at prestihiyo nito (Brennan, 2018)[2]. Ang pahayag ng misyon ng ilang destinasyon o institusyong pangkultura sa loob ng mga destinasyong ay may layunin ng pangangalaga at pagsulong ng lokal na kultura at wika (Pietikainen & Kelly-Holmes, 2011)[3]. Dahil kinikilala ng UNESCO (2018)[4] ang mga oral na tradisyon at mga wika bilang bahagi

ng Intangible Cultural Heritage ng isang populasyon, ang mga minorya na wika, ibig sabihin, ang mga lokal na wika na sinasalita ng isang minorya ng populasyon, ay may potensyal na kumatawan sa isang karagdagang halaga, naiiba ang destinasyon, at makaakit ng mga turista sa lugar. Kasabay nito ang ay ang pagtangkilik ng mga senaryo sa isang lugar upang muling balik-balikan.

Ang Pilipinas ay isang bansang isla na matatagpuan sa Timog-silangang Asya sa kanlurang bahagi ng Karagatang Pasipiko. Ito ay isang arkipelago na binubuo ng 7,107 mga isla at islets. Bagaman ang Pilipinas ay binubuo ng maraming mga isla at islets, tanging dalawang-limang ng mga ito ang may pangalan. Ang tatlong pinakamalaking isla na bumubuo ng pangunahing rehiyon ng bansa ay Luzon, Visayas, at Mindanao (Arellano,2020)[5]. Isa sa mga kahanga-hangang katangian ng Pilipinas ay ang di-pangkaraniwang komposisyon ng arkipelago nito, ang baybayin na may pinakamagagandang mga dalampasigan at dagat sa mundo, ang bulubunduking kabundukan, baybayin, daloy ng ilog, at kagilagilalas na anyong lawa. Ang mga isla sa Pilipinas ay karamihang binubuo ng mga bato na galing sa bulkan at korales (Zubiri, 2023)[6].

Sa gandang taglay nito ang siyang dahilan kaya ang mga turista ay nais muling balikan ang mga lugar na kanilang na puntahan. Ayon kina Bigne, Sanchez, at Sanchez (2001)[7] ang imahe ng lugar ay itinuturing na isang mahalagang salik sa iba't ibang konseptwal na mga balangkas na naglalarawan sa proseso ng pagdedesisyon ng mga turista. Ang imahe ng turismo ay may ilang impluwensiya sa kalidad na inaakalang nakikita ng mga turista. Ang imahe ng turismo ay bumubuo ng mga inaasahang pag-aasam ng indibidwal bago nila puntahan ang isang lugar at magtatakda kung paano nila hahalintulad ang kalidad. Ang imahe ng isang destinasyon ay may epekto sa pagkilala ng halaga ng isang turista (Jin, Lee, at Lee (2013).[8]

Batay sa Republic Act 9593 [9] na hinihikayat nito ang pamumuhunan, pagpapaunlad ng imprastraktura, at pagmemerkado upang gawing mas kaakit-akit at mapagkumpitensyang destinasyon ang bansa para sa parehong mga lokal at internasyonal na turista. Binibigyang-diin ang ugnayan ng wika at turismo sa Pilipinas. Ang mabisang komunikasyon sa pamamagitan ng magkakaibang mga wika, edukasyon at pagsasanay, pangangalaga sa kultura, at responsableng mga kasanayan sa turismo ay lahat ay nakakatulong sa paggawa ng bansa na isang kaakit-akit at nakakaengganyang destinasyon para sa mga turista mula sa buong mundo.

Kaugnay din nito ang Batas Republika 10066, na mas kilala bilang "Cultural Heritage Act of 2009,"[10] ay isang batas sa Pilipinas na layuning protektahan at pahalagahan ang mga pamanang kultural ng bansa. Layunin nito ang pagpapalakas ng pagpapahalaga at pangangalaga sa mga makasaysayang lugar, estruktura, artefakto, at iba pang bahagi ng kultura ng Pilipinas. Ito ay naglalaman ng mga probisyon para sa paglikha ng mga hakbang upang mapangalagaan ang mga pamanang kultural, pagsusuporta sa mga proyektong pangkultura, at pagpapalakas ng kamalayan at pagpapahalaga ng mga mamamayan sa kanilang kultura at kasaysayan.

Ang pamahalaang panlalawigan ng Sorsogon sa muling pagbubukas ng mga pintuan nito sa mga lokal at dayuhang turista na may mas magandang imprastraktura, pinabuting pasilidad, at mas maraming atraksyon sa ilang mga lugar ng turismo. Sa isang pahayag, tiniyak ni Gobernador Francis Escudero na "isang mas maganda at mas mahusay" na lalawigan ang naghihintay sa mga turista kapag bumisita sila sa Sorsogon (Calipay, 2022)[11]. Sapagkat ang Sorsogon ay isang kahanga-hangang lugar na dapat bisitahin. Sa mga lalawigan sa rehiyon ng Bicol, itinuturing ang Sorsogon bilang isang lihim na yaman sa turismo kung saan nag-aalok ito ng mga biyaya ng kalikasan at mga taong magiliw at may kultura ng pagmamahal sa saya. Ang lalawigan ng Sorsogon ay maayos na naglilingkod bilang pintuan patungo sa pagitan ng mga isla ng Visayas at Luzon (Chua, 2017).[12]

Isa sa mga bayang matatagpuan sa lalawigan ng Sorsogon ay ang bayan ng Bulan. Ito ay isang 1st class municipality sa lalawigan ng Sorsogon, Pilipinas. Ayon sa tala ng senso noong 2020, may populasyon itong 105,190 katao, kaya ito ang pinakamaraming tao sa buong lalawigan. Binubuo ito ng limampu't limang (55) barangay at walong (8) zona at tinitirahan ng mga taong may iba't ibang pinagmulan (Census of Population, 2020)[13].

Bilang isa sa pinakamalaking bayan sa Sorsogon, ang munisipalidad ng Bulan ay may lawak na lupain na 21,502.5624 ektarya at tahanan sa mahigit sa 100,076 Bulaneños. Matatagpuan ito 63 kilometro ang layo mula sa kapitolyo ng lalawigan sa timog-kanlurang baybayin ng probinsiya. Bukod sa pangunahing produkto ng lalawigan tulad ng pili at abaka, mas kilala ang Bulan sa kanyang isda, sawali, at bigas. Ang Bulan, isang kaakit-akit na bayan na matatagpuan sa lalawigan ng Sorsogon, Pilipinas, ay isang destinasyon na humahikayat sa pamamagitan ng kakaibang paghalo ng kaakit-akit na baybayin at kayamanan ng kultura. Kilala sa kanyang malinis na mga dalampasigan, masiglang mga pistahan, at mainit na pagtanggap, nag-aalok ang Bulan ng tunay na nakakalibang na karanasan para sa mga manlalakbay (Attraction Map - Sorsogon Provincial Government, 2023)[14].

Ang mga nabanggit na mga kadahilanan ang nagsilbing daan upang magkaroon ng pag-aaral tungkol dito. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong sulayapan at lakbayin ang bayan ng Bulan lalo pa ang

natatanging turismo, benepisyo, kuwentong nakapaloob rito, at ang ambag nito sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

## 3. METODOLOHIYA

### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang (1) mga kuwentong nakapaloob sa turismong Bulaneño (2) benepisyong dulot ng turismo sa Bayan ng Bulan sa ekonomiya, lokal na pamahalaan, edukasyon, at kultura (3) maiaamabag ng turismo sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino.

Deskriptib-debelopmental ang desinyo na ginamit sa paglikom ng mga datos o impormasyon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay barangay opisyal, mamamayan, guro, mag-aaral, at turista na may kabuuang bilang na 225. Ang mga kalahok ay mula sa 15 barangay. Nagsagawa ng isang interbyu at sarbey ang mananaliksik. Ang mga nalikom na datos ay binigyan ng pag-aanalisa, pagsusuri, at interpretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika at pag-aanalisa.

### MGA NATUKLASAN

**Kuwentong Nakapaloob sa Turismong Bulaneño**

Ang mga panturismong matatagpuan sa bayan ng Bulan ay may mga kuwentong nakapaloob. Ang mga kuwentong ito nakakatulong upang mas maging kawili-wilig puntahan ang mga nasabing lugar. Ang iilan kuwento ay nabuo mula sa naging karanasan sa lugar o mula sa mga may-ari nito.

Ang mga kuwentong ito ay may malaking tulong upang magkaroon ng mas maraming turista ang pumunta sa isang lugar. Ayon kina Kim at Youn (2017)[15] sa matinding kompetisyon ngayon, maraming destinasyon sa turismo ang gumagamit ng mga kuwento para maakit ang mga bisita, at ang mga natuklasang ito ay maaaring magbigay ng mga ideya para sa mga tagapamahala at marketer ng patutunguhan upang matulungan silang mas mahusay na magamit ang pagkukuwento sa kanilang mga destinasyon.

Makikita sa Talahanayan 1 ang Kuwento sa turismong Bulaneño. Ito ay hinati sa tatlong uri ng kuwento batay sa nakuhang datos mula sa pakikipanayam ng mananaliksik.

**Talahanayan 1**
**Kuwentong Nakapaloob sa Turismong Bulaneño**

| Kuwento | Lugar |
|---|---|
| **Kuwentong Pandemya** | Biton Beach<br>Ilawod Beach<br>Baybayon Beach<br>Lolo Santos Beach<br>Mini Beach<br>Sabang Beach |
| **Kuwentong Pangarap** | Canezal Resort<br>CYJM Resort<br>Kawilihan Resort<br>Laguda Resort |
| **Kuwentong Hiwaga** | Obo Falls Daganas<br>Obo Falls Monte Calvario<br>Obo Falls San Ramon<br>Obo Falls Sitio Liman |

Ipinakita sa talahanayan ang kuwentong nakapaloob sa mga lugar panturismo sa bayan ng Bulan. Ang mga lugar panturismo ay mayroon kuwento tungkol sa pandemya, pangarap, at hiwaga.

## Kuwentong Pandemya

Sa panahon ng pandemya, maraming tao ang naghanap ng mga lokal na destinasyon sa paglalakbay dahil sa mga patakaran sa paglalakbay, tulad ng mga paghihigpit sa paglalakbay, at pangkalahatang alalahanin sa kalusugan. Gusto ng mga tao ang mga destinasyong malapit sa bahay, kung saan maaari silang magsaya at mag-relax hindi kalayuan. Ito ay isang mahusay na paraan upang suportahan ang lokal na ekonomiya at turismo, pati na rin pataasin ang suporta para sa maliliit na negosyo at komunidad. Mga aktibidad tulad ng paglalakbay sa mga kalapit na lugar, pagbisita sa mga natural na lugar tulad ng mga bundok, dagat, ilog, atbp.

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga kalahok ng pag-aaral ay nalaman ng mananaliksik ang kuwentong nakapaloob rito. Ang pandemya ay siyang naging sentro ng kwenton ng mga nasabing lugar panturismo.

### Mini Beach Resort

Nagsimula itong itayo noong pandemya 2021, noong una isa itong nakatiwangwang na lupa subalit nagkaroon ng ideya ang isang nagmamay-ari nito na magtayo ng isang paliguan para pangsuporta sa kanilang hanapbuhay ng mga panahong iyon. Ngunit ng lumaon unti-unti ay ganap itong nakilala at dinarayo na rin ng mga turista at ibang naninirahan sa nasabing bayan. Ngayon isa itong sikat at dinarayo na rin sa Barangay Otavi magkaroon ng ibayong  saya sa sino mang pupunta makaharap ng problema sa pagsisimula ng pagpapatayo ng nasabing lugar paliguan. Isa sa kinaharap nilang problema ay kinakain ng dagat ang buhangin kung saan nasisira ang instruktura na malilit dito.

### Baybayon Beach

Sa taong 2021 ay nabuo ang nasabing paliguan na siyang pagmamay-ari nina Rico Gipanao. Sa paghahanap ng mga lokal na turista ng paliguan sa panahon ng pandemya ay napag-isipan ng may-ari na gawin na lamang resort ang kanilang lupain. Dahil sa pagsara ng mga karatig nilang resort na siyang hinahanap ng mga turista tuwing pumupunta sa lugar ay napagpasyahan na ialok ang kanilang lupain bilang pahingahahn sa mga ito. Hindi lumaon ay naglagay sila ng mga iilang mga kubo para maging pahingahan. Sa kasalukuyan ay umunlad ang resort at nanatiling bukas sa publiko.

### Ilawod Beach

Sa pagdaan ng pandemya, maraming mga tao ang nawalan ng trabaho at ang iba ay nagdesisyong umuwi ng probinsiya upang makaiwas sa dalang takot sa covid- 19 at minabuting sa bahay na lang magtrabaho ika nga “work from home”. Isang ideya ang nabuo sa pamilyang Gotis na magtayo ng palaruan na malapit sa baybayin para lamang sa kanilang pamilya lalong lalo na sa kanilang mga anak. Subalit may naudyok sa kanila na gawin na lang itong Negosyo dahil sa isa sa mga dumayo rito ay nagbigay ng opinion na sana na madagdagan para sa mas marami pang pumupunta at dumarayo dito. Kaya doon nagsimula ang isang pasya na magtayo ng lugar paliguan na para sa lahat. Sa kasakuluyan tinatawag na itong Ilawod Beach na madalas puntahan ng maraming turista.

### Sabang Beach

Naitayo ang Sabang Park noong mga 1989, sa panahon ni Mayor Pantaleon Gotladera, mula sa lupain na nareklamo dahil sa natural na pagdagdag ng lupa dulot ng pagbabago sa agos ng dagat dahil sa pagtatayo ng Bulan Pier. Ang Sabang Park ay isa sa mga pinakapinupuntahang lugar sa Bulan, lalo na tuwing panahon ng fiesta kung saan libu-libong tao ang pumupunta para maglibang at magdiwang taun-taon sa park. Sa kasalukuyan, ang Sabang Beach Resort ay muling nakilala lalo na noong panahon ng pandemya sapagkat  ito ay  lugar na nagbibigay ng kaginhawahan at kasiyahan sa pamamagitan ng pahinga at bakasyon.  Lalo na ng panahong iyon ay hindi makapunta sa ibang lugar upang mag-relax kaya ang mga taga-bulan ay dito na malagi ng panahong iyon.

### Biton Beach

Nabalot ng takot at pangamba ang mga tao noong panahon ng pandemya kaya naman marami sa atin ang nanatili na lang sa bahay at naghanap ng paglilibangan. Sa malayong barangay ng Bulan makikita ang isang napakagandang baybayin na dinarayo ng mga turista sa kadahilanang napakapresko at ta nakapalinis ng tubig. Ito ay naisipang ipatayo ng pamilyang Nicolas para magkaroon ng lugar pahingahan kung saan puwede silang makapagrelax at magpalipas oras ngunit ng kinalaunan ay nagkaroon sila ng ideya na gawin itong beach resort sapagkat maraming tao ang nakiusap kung puwede ring makiligo at makituloy sa kanilang munting kubo. Kaya naman pagkalipas ng ilang buwan ay naglagay na sila ng maraming kubo at close cottages sa nais

na manatili ng matagal sa kanilang beach resort. Ngayon isa na ito sa madalas puntahan ng mga turista dahil sa taglay nitong makapigil-hiningang tanawin na malapit sa baybayin.

**Lolo Santos**

Ito ay nagbukas ng taong 2019, mula ito sa isang payak na usapan na naiuwi sa isang matagumpay na resort. Sa pagligo ng pamilya sa Ilawod beach na katabi ng kanilang lupa nakita nilang bakit hindi tayo maglagay din ng isang kubo upang maging pahingahan at hindi na magbayad pa sa kubong kanilang ginagamit tuwing naliligo rito. Dagdag pa ng may-ari ito rin ay nagsilbi nilang takbuhan ng panahon ng pandemya na siyang binuksan nila sa publiko ng marami na ang nagtatanong tungkol sa lugar. Mula sa isang kubo at unti-unti itong nadagdagan sa kasalukuyan.

Ayon kay Enconde (2021)[16] mas maraming turista ang mas gusto ang pagbisita sa mga destinasyong turismo na may mga bukas na espasyo at mayroong mga protocolo sa kaligtasan at kalusugan sa panahon ng ayon sa Kagawaran ng Turismo (DOT).

## Kuwentong Pangarap

May mga lugar panturismo o destinasyon ang siyang nabuo sa pamamagitan ng isang pangarap. Itong pangarap na ito ang nagsilbing kuwento upang magpatuloy at maghatid ng kakaibang karanasan sa mga turista.

**Casa Laguda Resort**

Hindi lingid sa kaalaman ng mga taga-bayan ng Bulan ang isang kilalang General Hospital dati na kung saan ito ay isang pinakamalapit sa ospital para sa pagpapagamot. Maraming taon na ang nakalipas mula noong magsara ito at naging abandonado ngunit nabili ito ng isang Pamilya na siyang nagmamay-ari sa kasalukuyan. May isang bahay na itinayo dito at ipinaayos ang paligid na naglagay ng mga landscape at mga halamang ornamental. Sa tuwing may mga taong dumaraan dito ay namamangha, nagtatak at nagtatanong kung itong lugar ba ay pwede pagdausan ng iba't ibang pagdiriwang o kaya pasyalan. Ang may-ari nito ay nagkaroon ng ideyang idevelop lalo ang lugar at nagpasyang pagawan ng "swimming pool" o paliguan para lamang sa pamilya. Pero naisip na rin nilang marami din lang naman ang nagtatanong tungkol dito kaya binuksan nila ito para sa publiko. Idinaraos dito ang kasalan, kaarawan maging mga okasyong pampamilya dahil madali itong marating ng tao at ng mga sasakyan. Ang pangalan inilagay nila dito ay "Casa Laguda". Maraming mga turista ang dumarayo rito upang magrelaks at maligo kasama ang kanilang mga mahal sa buhay. Ito ay may kaliitan lang na lugar ngunit hindi ito nawawalan ng tao.

**Kawilihan Resort**

Sa mga tagong lugar at nasa liblib na dako ay maraming nakatagong natural na ganda. Sa barangay M.G de Castro Sitio Kawilihan sa bayan ng Bulan ay may isang paliguang kilala at dinarayo ng mga turista upang maglibang sa natural na ganda ng paligid at maligo. Sa lugar na ito ay maraming nakapaligid na mga punong kahoy at mas pinaganda ito ng may-ari ng lupa. Pinangalanan itong "Kawilihan resort" dahil sa lugar. Nadevelop ito sapagkat nais lamang ng may-ari na gumawa ng isang palaisdaan dahil sa taglay na bukal na tubig dito. Unti-unti naisipan ng may-ari na magpatayo ng paliguan at maglagay ng mga bahay-kubo. Di lumaon naging isa na itong sikat at dinarayo dahil mayroon din silang Bahay-pahingahan ng mga gustong magpaumaga kasama ang mga mahal sa buhay. Nagtataglay ang lugar paliguan ng isang payapa at preskong tubig para sa mga nais maghanap ng katahimikan at panandaliang-aliw.

**Cañezal Resort**

Ito ay nagsimula dahil sa payak na pangarap ng pamilya na magkaroon ng isang munting swimming pool na malapit sa kanilang bahay. Maliban pa rito ay gustong-gusto talaga ng pamilyang ito na magkaroon ng isang lugar na maaaring pagdausan ng iba't ibang mga pagdiriwang pampamilya. Mula sa payak na pangarap ay naging isang maunlad na negosyo na ito ng pamilya Cañezal.

**CYJM Resort**

Mula sa pamilyang Letada ay nabuo itong CYJM resort taong 2021. Sa malayong bahagi ng Brgy. Quirino ay may isang bakanteng lote na siyang pagmamay-ari nitong pamilya dahil hindi naman ito mapakinabangan ng pamilya ay nagkaroon silang pangarap na makapagpagawa ng isang paliguan at iilang mga kubo pahingahan. Di lumaon naging kilala na ito sa bayan ng Bulan bilang isang lugar pasyalan at paliguan.

Ayon nga kay Kim (2009)[17] ang mga kuwentong katulad ng pangarap ay maaaring magpahayag ng halaga ng mga atraksyon sa turismo sa mga turista pati na rin ang magbigay sa kanila ng emosyonal na halaga. Dagdag pa nina Howison, Higgins-Desbiolles, at Sun (2017) ang mensahe na nakatuon sa kuwento sa turismo ay madaling iparating sa mga turista at sapat upang magbigay ng simbolikong at karanasang elemento. Kaya, mahalaga ang papel ng pagkukuwento kapag ipinapakilala ang mga destinasyon at mga serbisyo sa maraming destinasyon sa turismo.

## Kuwentong Hiwaga

### Liman Obo Falls

Noong unang panahon, sa isang barangay sa bayan ng Bulan na tinatawag na Liman, ay may isang talon na tinatawag na "Liman Falls" ay may natatagong kwento mahabang panahon na ang nakalipas. Isang Binatang may malalim na pag-ibig sa isang dalagang nakatira sa may talon ang hindi niya mabingwit ang puso nito. Dahil sa tunay at wagas nitong pagsinta sa dalaga ay minabuti niyang tanungin ito kung anong dapat niyang gawin, kaya pagkasabi nito ng lalake sa dalaga ay agad naman niyang sinabing " Kung Tumalon ka mula ss pinakatuktok ng talon, ay pakakasalan kita." Pagkasabi ng dalaga sa binate, ay agad naman siyang tumalon ng walag pag-aalinlangan. Subalit, dahil sa lakas ng daloy ng tubig ay naawa dito ang dalaga dahil sa ngyari ditong naging banlag/doling ang mata ng binate. Mula sa ikinasal sila at nagkaanak, nagsama sila ng maligaya at payapa. Nanirahan malipat sa talon na tinatawag ngayong "Obofalls".

### Monte Calvario Obo Falls

Isang maituturing na kababalaghan na sa panahon ngayon, ay ni hindi maabot at mapaniwalaam ng mga isipan ng mga nasa makabagong henerasyon. Ngunit, ang isang kwentong may tinatagong misteryo ay hindi basta basta nabubura sa mga isipan ng mga taong tunay na naging saksi sa mga hiwagang totoong nangyari sa kanilang paligid. Sa isang barangay sa Bulan na tinatawag na Montekal, ay may isang sakristan na aalalay ng isang pare na nadistino sa Barangay Gabod sa hindi malamang dahilan. Nang sandaling ninakawan niya ito ng buhay ay napakabilis ng takbo nitong halos singtulin ng isang mabilis na sasakyan na hindi kayang habulin ninoman. Sa pagkakataong yaon, ang sacristan ay nagtago sa isang talon dahil mayroon ditong malaking bato na parang yungib at sa di inaasahang pangyayari, dahil sa dulas at mabatong lugar, ay agad itong namatay dahil sa pagkakabagok ng ulo nito. Mula noon, ang talon na ito ay dinarayo ng mga manggagamot tuwing araw ng mga patay o "Undas" para sa tinatawag nilang "Gabas" o paghingi ng kapangyarihan dahil naniniwala ang mga mangagamot na makapagpagaling sila sa may sakit at ito ang kwento ng "obo falls sa Montecal.

### Daganas Obo Falls

Napakasimple ang pamumuhay noong unang panahon at isa ito sa mga bagay na hangad ng bawat isa nino man. Ang paglagay sa tubig ang pagunguha ng mga bungang kahoy o maging ang paghuli nang mga isda. Isang kwento ang naaalala ng maraming tao na nainirahan sa isang barangay sa Bulan na tinatawag na Barangay Daganas. Sa lugar na ito, matatagpuan ang isang talon na binabalot din ng mayamang kwento lalo na ng mga matatanda sa lugar. Nagsimula ito nang may isang lalake raw na palaging namimingwit araw-araw sa nasabing talon, hindi lingid sa kaalaman ng lalake na sa talon na iyon ay wala naming makukuhang isda. Subalit araw-araw siya rito na umaasang may mabibingwit siyang isda. Subalit hindi lumaon ay dahil sa pag-asang ito, nakakalimutan niya nang kumain dahil sa ni hindi siya dinadalaw ng gutom. Hanggang sa, palagi na siyang natutulala hanggang sa kasamaang palad tuluyan na siyang nasiraan ng bait at tumalon at namatay ito. Mula noon, ang daganas falls ay may nakatatak nang istoryang dinanas ng lalake rito.

### San Ramon Obo Falls

Madalas at karaniwan na ang mga mahihiwaga at makababalaghang lugar na tumatatak sa mga pagpapasalin salin ng kwento mula noong una pa, magpahanggang sa kasalukuyan. Isang talon na dinarayo rin ng mga taong gustong makita ang mapresko, Magandang tanawin at mapunong lugar ang isang dako ng Barangay San Ramon, ang "Obo Falls". May taglay din itong mayamang kwento ayon sa matatanda. Noong unang panahon may dalawang hindi magkakilalang dalaga at binata na pumunta sa lugar na ito, araw-araw habang sila ay naliligo, ay nabuo ang isang pag-ibig sa kanila. Sila ay madalas na nagkikita at nagtatagpo sa lugar na ito at sa pinakaitaas ng talon ay may isang parang kawali dito at doon sila parteng nag-uusap ngunit lumipas ang mga araw na hindi na sumisipot dito ang lalake, maraming beses na naghintay ang dalaga hanggang sa napasin niya ang isang malaking ibon ang naririnig niyang umaawit sa tuktok ng talon. Hanggang sa tuluyan na ngang hindi sila nagkita at hindi naituloy ang pag-iibigan nilang dalawa. Kaya mula

noon, ang “Obo falls” ay nanatiling taimik na wari’y palaging may hinihintay na sinasabayan ng awit ang mga ibon.

Sa kasaysayan, ang mga kwento, kabilang ang mga mito, alamat, at kuwentong-bayan, ay nagpasa ng karunungan, kaalaman, at kultura sa pagitan ng mga tao sa loob ng libu-libong taon (Bassano et al., 2019)[18]. Ang pagkukuwento tungkol sa mga destinasyon sa turismo ay maaaring gamitin bilang isang estratehikong kasangkapang pang-merkado upang mang-akit ng mga turista sa mga destinasyon sa turismo (Okumus, Xiang, at Hutchinson, 2018)[19]. Dagdag pa ni Choi (2016)[20] ,ito ay nagpapalakas ng panghihikayat sa mga kaakit-akit na atraksyon sa turismo sa pamamagitan ng paglalahad ng mga kwento kaugnay ng mga destinasyon at atraksyon para sa mga turista.

## Benepisyong dulot ng turismo sa bayan ng Bulan sa ekonomiya, lokal na pamahalaan, edukasyon, at kultura

Makikita sa talahanayan 2.a ang benepisyong dulot ng turismo sa bayan ng Bulan sa ekonomiya. Ang turismo at ekonomiya ay may malalim na ugnayan sa isa't isa. Ang turismo ay isang pangunahing sektor sa maraming ekonomiya, at ito ay maaaring magkaroon ng malalim na epekto sa pag-unlad ng isang bansa o rehiyon.

**Talahanayan 2.a**
**Benepisyong Dulot ng Turismo sa Ekonomiya**

| Benepisyo | Kabuuan | Ranggo |
|---|---|---|
| Makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng isang lugar | 122 | 1 |
| Maaalagaan, mapapaganda at mapapaunlad lalo ang mga lugar na may kinalaman sa turismo | 111 | 4 |
| Makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan | 107 | 7 |
| Mahihikayat ang mga tao na tumulong upang mapalaganap ang kalinangan ng lugar | 96 | 10 |
| Matutuhang ipagmalaki ang mga turismong Bulan | 119 | 2 |
| Malalaman ang kahalagahan ng likas na yaman sa tao at magamit ito nang maayos | 104 | 9 |
| Makakatulong sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kultura at tradisyon | 105 | 8 |
| Mabibigyang pansin ang ilang atraksyon na upang ito’y ganap na maayos at mapaganda | 117 | 3 |
| Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar | 109 | 5 |
| Magkakaroon ng oportunidad ang mga lokal na negosyante na makabuo ng mga panibagong produkto o serbisyo | 108 | 6 |

Ipinapakita sa talahanayan na ang ekonomiya ay makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng isang lugar ayon ito na 122 na sagot mula sa kalahok ng pag-aaral. Ang turismo ay may positibong benepisyong dulot sa ekonomiya.

Ito ay nangangahulugan lamang na ang pagkakaroon ng pagkilala at pagpapaunlad sa turismo ay magkakaroon ng mas malaking tulong sa ekonomiya sa isang lugar. Ang turismo ay may mahalagang papel sa ekonomiya sa pamamagitan ng paglikha ng trabaho, pagbuo ng kita, at pagpapaunlad ng imprastruktura. Kaya’t ang pagkakaroon ng epektibong pagpaplano at pamamahala ay mahalaga upang mapalakas ang positibong epekto ng turismo sa ekonomiya.

Ayon kay Sifrinov (2017)[21] ang turismo ay isang mahalagang aktibidad sa ekonomiya sa karamihan ng mga bansa sa buong mundo. Bukod sa direktang epekto nito sa ekonomiya, mayroon itong malalaking hindi direkta at hudyatang epekto. Banggit pa nina Erkin at Odilov (2023)[22] ang turismo ay mahalaga para sa tagumpay ng maraming ekonomiya sa buong mundo. May mga ilang benepisyo ang turismo sa mga lugar na tinatanggap nito. Pinapalakas ng turismo ang kita ng ekonomiya, naglilikha ng libu-libong trabaho,

nagpapaunlad sa imprastruktura ng isang bansa, at nagtatanim ng diwa ng palitan ng kultura sa pagitan ng mga dayuhan at mga mamamayan.

Ang matutuhang ipagmalaki ang mga turismong Bulan ay nakakuha ng 119 batay sa bilang ng kalahok kaya ito ay nasa pangalawang bilang. Ang pagpapaunlad ng ekonomiya ay magsisimula mula sa pagsusulong at pagpapaunlad ng turismo sa lugar. Kapag ang mga lokal na pamayanan, negosyo, at gobyerno ay ipinapakita ang kanilang pagmamalaki sa kanilang mga alok sa turismo, mas malamang na sila ay mag-iinvest sa sektor, na nagreresulta sa pag-angat ng kita, paglikha ng trabaho, pagpapabuti ng imprastruktura, at pagpapalaganap ng lokal na negosyo.

Ayon kina Sari at Nazli (2013)[23] ang turismo ay isang sosyolohikal, sikolohikal, ekonomiko, at pangkalikasan na pangyayari, may ilang epekto ito sa pagtingin sa mga residente sa isang rehiyon dahil sa kanilang pakikipag-ugnayan. Ang mga pagtingin na may kinalaman sa nasabing pangyayari ay maaaring makapagdulot ng sikolohikal na impluwensya sa damdamin ng mga tao hinggil sa kanilang sarili at sa paglilingkod nang maligaya sa mga bisita sa iisang kapaligiran. Dagdag pa ng Tourism and Events (2014)[24], bilang mga panlipunang benepisyo, maaaring mabuo ang pagkakakilanlan at pagmamalaki ng komunidad sa pamamagitan ng turismo. Ang positibong damdamin ng pagkakakilanlan ng komunidad ay maaaring palakasin at ang turismo ay maaaring mag-udyok sa lokal na komunidad na panatilihin ang kanilang mga tradisyon at pagkakakilanlan.

Habang nakakuha ng 117 na tugon mula sa kalahok ang makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan. Ang pagkakaroon ng mga lugar pangturismo ay magbubukas ng karagdagang hanapbuhay sa mga tao lalo na sa mga pinakamalapit sa nasabing pangturismo.

Ayon kay Costa (2017)[25] ang turismo ay isang mahalagang bahagi sa pag-unlad ng pandaigdigang ekonomiya at isa ito sa pangunahing pinagkukunan ng kita para sa mga maunlad at umuunlad na mga bansa. Kaugnay nito, ibinunyag ng World Travel and Tourism Council (WTTC 2021)[26] na ang paglalakbay at turismo ay may mahalagang papel sa paglikha ng mga trabaho, kasama na ang mga epekto nito sa direktang, hindi direktang, at mga iniinduksiyon; tinatayang 1 sa bawat 4 trabaho sa buong mundo, o humigit-kumulang 334 milyon o 10.6% ng lahat ng trabaho, ay nagkakaloob ng USD 9.2 trilyon, o 10.4% ng pandaigdigang GDP. Samantala, ang gastusin ng mga banyagang bisita ay umabot sa 6.8% ng kabuuang ekspor at 27.4% ng mga serbisyo na inieksport sa pandaigdig, na nag-aambag ng USD 1.7 trilyon noong 2019. Kaya't itinuturing na ang turismo ay isang mahalagang bahagi ng kalakalan sa mga internasyonal na serbisyo at naging isang kilalang at lumalagong industriya.

Makikita sa Talahanayan 2.b ang benepisyong dulot ng turismo sa lokal na pamahalaan. Ang pagkakaroon turismo sa isang lugar ay nagdudulot ng malaking benepisyo lalo na sa lokal na pamahalaan nito. Ang turismo ay maaaring magdulot ng ekonomikong pag-unlad at social na benepisyo para sa lokal na pamahalaan. Ngunit ito ay dapat ring pangalagaan at pamahalaan nang maayos upang mapanatili ang mga positibong epekto nito.

Ipinakikita sa talahanayan na ang turismo ay mabigyang tuon ang mga atraksyon na ngayo'y umuusbong at mabuhay muli ang mga hindi aktibo. Ito ay batay sa 107 na na tugon ng mga kalahok. Ang pagkakaroon ng turismo ay magdudulot upang ang lokal na pamahalaan ay mabigyan pansin ang mga nakakubli at hindi masyadong nabibigyan pansin na pangturismo na muling buhayin at magkaroon ng bagong bihis upang mas lalo pa itong makilala at makatulong sa bayan.

Ayon kina Javier, A. B., & Elazigue (2011)[27] ang mga Lokal na Pamahalaan (LGU) ay maaaring magbigay ng tamang kapangyarihan, imprastruktura, patakaran, at mga hakbang sa pagpaplano upang mapahusay ang mga benepisyo para sa kanilang mga komunidad. Ang mga LGU ay naglalaro ng mahalagang papel sa pag-unlad ng isang komunidad, nagbibigay ng koneksyon sa pagitan ng mga mamamayan at pamahalaan, nagsusuri ng mga problema at alalahanin ng kanilang komunidad, ipinatutupad ang mga patakaran, at nagtataglay ng impluwensya sa kanilang mga komunidad. Ang mga LGU ay nagiging mga tulay sa pagtutok ng sistema ng pamahalaan sa bawat indibidwal na komunidad upang makabuo ng kapaki-pakinabang na resulta.

Sa konteksto ng pangmatagalan pag-unlad, mahalagang papel ang ginagampanan ng mga lokal na pamahalaan sa tagumpay ng lokal na industriya ng turismo, pati na rin sa malakas na impluwensya sa pagpapahalaga at pangangalaga ng mga likas-yaman. Ang pangmatagalan pag-unlad ng turismo ay tumutukoy sa pamamahala ng lahat ng mga yaman na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga turista at ng mga host na rehiyon habang pinoprotektahan ang mga oportunidad para sa hinaharap, sa paraang ang mga pang-ekonomiya, sosyal, at estetikong pangangailangan ay maaaring matugunan habang inaalagaan ang kultural na integridad, mga pangunahing ekolohikal na proseso, biological diversity, at mga sistema ng suporta sa buhay (Tourism Act of 2010).[28]

Ipinapagkaloob ng Kodigo (Seksyon 17) ang responsibilidad ng LGU sa mga pangunahing serbisyong pangkalusugan at mga pasilidad na kinabibilangan ng mga programa para sa pag-unlad at promosyon ng turismo, mga pasilidad sa turismo, at iba pang atraksyon para sa mga turista, kabilang ang pagkuha ng mga kagamitan, regulasyon at superbisyon ng mga prangkisa ng negosyo, at mga serbisyong pang-seguridad para sa mga pasilidad na ito (Republic Act No. 7160 of 1991- The Local Government Code)[29].

Pangalawa, magkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo na nakakuha ng 104 na sagot mula sa mga kalahok ng pag-aaral. Upang mas lalo pang mapaunlad at magdulot ng mas malawakang benepisyo ang isang pangturismo nangangailangan din ito ng iba pang kaagapay mula sa komunidad na siyang tutulong.

**Talahanayan 2.b**
**Benepisyong Dulot ng Turismo sa Lokal na Pamahalaan**

| Benepisyo | Kabuuan | Ranggo |
|---|---|---|
| Magkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo. | **104** | **2** |
| Makatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar o bansa. | **89** | **9** |
| Mapapalakas ang turismo sa isang lugar. | **103** | **3** |
| Makagagawa ng ordinansa hinggil sa pangangalaga ng naturang atraksyon. | **85** | **10** |
| Mapapayaman ang turismo kasabay ng paglago ng ekonomiya. | **99** | **6** |
| Maipatupad nang maayos ang mga batas o ordinansang naglalayong mapangalagaan ang naturang atraksyon. | **101** | **5** |
| Mabigyang tuon ang mga atraksyon na ngayo'y umuusbong at mabuhay muli ang mga hindi aktibo. | **107** | **1** |
| Makagawa ng programa kagaya ng paglalaan ng tulong pinansyal sa ilang atraksyon upang mas lalo itong mapaganda. | **96** | **7** |
| Magsisilbing kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation | **93** | **8** |
| Makakatulong sa pagpapakilala ng kultura ng nasabing lugar. | **102** | **4** |

Ayon sa Republic Act No. 9593 - The Tourism Act of 2009[30], ang batas ay nagbibigay para sa pagpaplano ng isang pambansang plano ng aksyon para sa turismo na ipapatupad ng mga pambansang at lokal na pamahalaan; kasama ang pakikilahok ng mga lokal na komunidad, kabilang ang mga indigenous peoples, non-government organizations (NGOs), people's organizations (POs) and the private sector. Dagdag pa ni Gunawijaya, at Pratiwi (2018)[31] ang pakikilahok sa turismo ay nangangahulugan ng aktibong pagtutok ng isang indibidwal o grupo ng mga tao (sa malayang kagustuhan) na mag-ambag ng kusa sa mga programa ng turismo mula sa pagdedesisyon, pagpaplano, implementasyon, pagsusuri, at pagsasaayos ng mga problema, na may buong kamalayan na ang programa o mga aktibidad sa turismo ay makabubuti sa mga taong kasali dito. Ayon pa kay Komarudin (2013)[32] ang partisipasyon ng komunidad ay isang mahalagang bahagi ng pag-unlad ng turismo dahil ito'y nagpapahintulot sa maraming stakeholders na magbuo ng malalakas na pamumuno sa politika at mga pagsusubok sa pangkalahatang pagsang-ayon para sa pagsusulong ng partisipasyon ng komunidad. Ang mga delegado ay nagmumungkahi ng mga ideya sa pagbuo ng aktibong partisipasyon ng komunidad.

Sinundan ito ng mapapalakas ang turismo sa isang lugar. Ito ay mayroong 138 na bilang mula sa kalahok. Ang pagkakaroon ng masiglang Lokal na pamahalaan ay pagkakaroon ng progresibo at aktibong turismo sa isang lugar. Dahil rito io ay makakatulong sa pamahalaang local na mas lalong mapaunlad ang kanilang lugar dahil sa mas marami ang pumapasok na pera mula sa mga dayuhan.

Ayon kay Yehia (2019)[33] ang ahensya ng turismo ay nakatuon sa pagpapabuti ng imprastruktura ng bansa, pag-aakit ng mas maraming turista, at pagtitiyak ng mga makabago at modernong kagamitan tulad ng mga bagong kalsada, parke, pampublikong lugar, at mas mahusay na mga paaralan at ospital. Ito ay nagreresulta sa mas mabilis at mas mahusay na pamahalaan, na nagbubunga ng pang-ekonomikong at pang-edukasyonal na pag-usbong ng mga lokal na residente.

Makikita sa Talahanayan 2.c ang benepisyong dulot ng turismo sa edukasyon. Pinapakita rito ang benepisyong makukuha ng edukasyon mula sa turismo. Sa mga mag-aaral at mga guro sa lugar na mayroong pangturismo ay may direktang benepisyo mula rito.

Ipinapakita na malalaman ang mahahalagang impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang bagay na may kaugnayan sa bayan ng Bulan. Ito ay mayroong 146 na tugon mula sa mga kalahok. Nangangahulugan lamang ito na ang pagtukoy sa mga panturismo sa bayan ng Bulan ay makakatulong upang mas lalong magkaroon ng mahahalagang impormasyon sa lugar at sa iba pang aspektong may kaugnayan sa bayan ng Bulan.

Pangalawa, magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral batay ito sa 141 na kalahok ng pag-aaral. Ang mga datos tungkol sa pangturismo sa bayan ng Bulan ay magagamit ng mga guro sa Pagtuturo habang sa mga mag-aaral ito ay maaaaring dagdag impormasyon na may kaugnayan sa pag-aaral. Implikasyon lamang nito na may ambag ang turismo sa edukasyon lalo na sa pagtuturo at pagkatuto.

**Talahanayan 2.c**
**Benepisyong Dulot ng Turismo sa Edukasyon**

| Benepisyo | Kabuuan | Ranggo |
|---|---|---|
| Magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral. | **141** | **2** |
| Magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulan. | **130** | **5** |
| Magagamit ito bilang gabay sa pananaliksik. | **138** | **3** |
| Malalaman ang mahahalagang impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang bagay na may kaugnayan sa bayan ng Bulan. | **146** | **1** |
| Makakatulong sa pagkilala ng kultura at tradisyon. | **137** | **4** |
| Magiging daan sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng bagong kurikulum. | **121** | **8** |
| Magkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan. | **123** | **7** |
| Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. | **47** | **10** |
| Mapupukaw ang interes sa pagbabasa ng mga lathalain hinggil sa turismong Bulan. | **124** | **6** |
| Magsisilbing kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation. | **107** | **9** |

Pangatlo, magagamit ito bilang gabay sa pananaliksik ayon ito sa 138 na tugon ng mga mananaliksik. Ang mga datos na ito ay hindi lamang gabay kung hindi dagdag pang Tulong upang mapatibay at magkaroon pa ng mas malawak nap ag-aaral na makakatulong upang mapalago ang turismo at ang bayan ng Bulan.

Ayon kina Surban at Marbella (2022)[34] ang turismo sa edukasyon ay magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon. Ito ay malaki ang gamoanin upang mapalago ang kaalaman at kagamitan sa pagkatuto at pagtuturo sa larangan ng edukasyon. Ito rin ay magagamit sa akademikong gawain ng mga mag-aaral, magagamit bilang gabay sa pananaliksik, magkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan, mapupukaw ang interes. Dagdag pa nina Galon at Marbella (2022)[35] ang iba't ibang mga atraksyon para sa mga turista ay may malaking edukasyonal na epekto, nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa kultura. Lalo pa ang mga aktibidad o gawin sa pangturismo ay may edukasyonal na benepisyo para sa mga tao.

Ang Talahanayan 2.d ay naglalaman ng benepisyong dulot ng turismo sa kultura. Ito ay nagpapakita na ang turismo ay may dulot na benepisyo sa usaping kultura. ang turismo ay may malalim na koneksyon sa kultura at maaaring magdulot ng mga positibong epekto sa pagpapalaganap, pangangalaga, at pagpapahalaga sa kultura ng isang lugar.

Lumalabas sa bilang na 119 na mapapataas ang kawilihang tuklasin ang mga kuwento ng mga natatanging turismo mayroon sa lugar. Ang mga lugar pangturismo ay may mga kuwentong nakapaloob at may malaking tulong upang mas lalong makilala ang nasabing mga lugar.

Ayon pa kina Pachucki, Grohs, at Scholl-Grissemann (2022)[36] sa pamamagitan ng direktang karanasan, ang mga nilalaman ng kuwento ay nauugnay sa mga atraksyon ng turista sa iba't ibang paraan. Sa halip na ang mga katotohanan tungkol sa destinasyon ng turismo, ang kabuuang nilalaman at paraan ng pagkukuwento ay nagpapalakas ng edukasyonal, impormasyonal, at pang-unawa tungkol sa destinasyon. pinakamahalaga sa lahat, ang pagkukuwento ay nakatuon sa pagtitiyak ng katiyakan ng mga atraksyon ng turista, tulad ng paglalarawan at paglilinaw ng mga kasaysayan at katotohanan tungkol sa mga atraksyon ng turismo (Moin, Hosany, at O'Brien, 2020)[37].

Sinundan ito ng malalaman ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kultura na mayroon sa lugar. Ito ay nakakuha ng 118 na bilang mula sa kalahok. Ang turismo ay nakakatulong upang mas lalong makilala ang lugar at kulturang mayroon ito. Ang kultura ay nakakatulong upang mas maging kawili-wili ang isang lugar.

Ayon kay Smith (2015)[38] Ang turismo ay nagpapatatag ng pangangalaga at pagpapahalaga sa mga pook na mayaman sa kultura, nagpapalaganap ng pag-unawa sa kultura, nagrerespeto sa mga tradisyon, at naghihikayat sa pananaliksik at pag-aaral ng kultura. Ang mga positibong epekto ng turismo ay kinapapalooban ng mas mataas na interaksyon sa pagitan ng mga kultura, pag-aaral, pagpapahalaga, at pag-unawa sa lokal na kultura, wika, mga kaugalian, tradisyon, pakikilahok ng komunidad sa destinasyon, at pagpapahalaga sa mga mahahalagang pangyayari sa kultura. Natuklasan sa pag-aaral ni Cole (2007)[39] na ang mga mamamayan ay ipinagmamalaki ang kanilang turismo dahil ito'y nagpapalakas ng kanilang mga kultural na halaga. Binuksan ng turismo ang pinto para sa pagpapalit ng mga kultural na pagkakakilanlan.

Ang makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kultura at tradisyon na mayroon sa lugar ay nakakuha ng ikatlong ranggo. Ito ay may 117 na tugon mula sa mga kalahok ng pag-aaral ang kultura at tradisyon ng isang lugar. Ito'y nagbibigay-daan sa mga tao na maipakita at mapanatili ang kanilang mga kultural na yaman sa pamamagitan ng pagpapakita nito sa mga bisita at pagpapahalaga dito. Gayundin, maaaring magdala ito ng karagdagang kita at suporta sa mga proyektong pangkultura at pagpapanatili ng mga tradisyon.

**Talahanayan 2.d**
**Benepisyong Dulot ng Turismo sa Kultura**

| **Benepisyo** | **Kabuuan** | **Ranggo** |
|---|---|---|
| Mapapataas ang kawilihang tuklasin ang mga kuwento ng mga natatanging turismo mayroon sa lugar. | **119** | **1** |
| Magbubukas ng paniniwala at kaisipan sa kulturang mayroon sa lugar. | **96** | **7** |
| Makakatulong sa pagpapakilala ng kulturang Pilipino. | **113** | **4** |
| Makilala ang mga magagandang kultura at tradisyon na nakadaragdag atraksyon sa lugar. | **109** | **5** |
| Mahihikayat na matutunan ang kultura at paniniwala ng bawat turismo na mayroon sa bayan. | **103** | **6** |
| Malalaman ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa kultura na mayroon sa lugar. | **118** | **2** |
| Maranasan ang pamumuhay o tradisyon ng mayroon sa lugar. | **101** | **8** |
| Makatutulong sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kultura at tradisyon na mayroon sa lugar. | **117** | **3** |
| Mapayaman ang kultura at tradisyon na mayroon ang sa lugar. | **95** | **9** |
| Mabibigyang pansin ang kultura ng bawat tusimo na mayroon ang bayan upang mas lalo itong mapagyaman at kilalanin. | **91** | **10** |

Ang turismo ay maaaring mag-ambag sa pangangalaga ng kultura sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng edukasyon sa komunidad. Sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga turista ng kaalaman tungkol sa kultura at tradisyon ng lokal na komunidad, maaari silang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang kultural na pamana. Ang prosesong ito ay nakakatulong din sa pagpapanatili ng mga tradisyon at kultural na aspeto ng komunidad, pagpapaunlad ng pakiramdam ng komunidad at pagkakaisa. ("How Tourism Can Protect Cultural Heritage," 2023)[40]. Dagdag pa rito nina Besculides, Lee, at McCormick (2002)[41] Ang pagbibigay ng trabaho sa mga residente ay malinaw na isang mahalagang bunga, ngunit nakikita rin ng mga residente ang turismo bilang isang paraan upang matuto, magbahagi, at mapanatili ang kanilang kultura.

## Ambag ng turismo sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino

Ang turismo ay may malaking ambag sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapahalaga, pag-unawa, at pagpapalaganap nito at kultura sa mga turista at sa mga lokal na komunidad. Ang wika ay gumaganap ng isang kritikal na papel sa komunikasyon sa pagitan ng mga turista at mga taong may kaugnayan sa industriya ng turismo.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng interbyu sa mga kalahok. Napatunayan na ang turismo ay may ambag sa pagpapaunlad ng Wikang Filipino. Mula rito ay nakabuo ang mananaliksik ng mga ambag ng turismo sa wikang Filipino. Ito ang mga sumusunod:

**Nagagamit ang Wikang Filipino sa pagpapakilala ng turismo**

May mahalagang gamit ang isang wika upang ipakilala nito ang isang turismo. Ito ang siyang nagiging instrumento upang magkaroon ng kaalaman at impormasyon ang mga turista sa isang lugar na siyang pupuntahan.

Ayon nga sa mga kalahok tuwing may mga lokal na dayuhan ay kanilang lugar ay ginagamit nila ang wikang Filipino upang magbigay ng mga impormasyong hinihingi at dagdag pang mga kaaalaman sa mga ito.

K1: “Ingagamit an suromaton na Filipino sa paghatag san impormasyon san lugar.”

*(Salin-diwa: “Ginagamit ang wikang Filipino sa pagbibgay ng impormasyon ng lugar”*

K2: “Mas Madali maintindihan sand ayu an suromaton o istorya na Filipino sa paghatag impormasyon. Lalo nak un diri sira taga-bulan.

*(Salin-diwa: “Mas madaling maintindihan ng mga dayuhan ang wikang Filipino sa pagbibigay ng impormasyon. Lalo na kung hindi sila tag-Bulan”.)*

K3: “An impormasyon sa mga lugar na nasa suromaton o istorya na Filipino mas Madali nira maintindihan.

*(Salin-diwa: “May impormasyon sa mga lugar ay nasa wikang Filipino. Mas Madali nila maintindihan”.)*

Mapapansin lamang sa mga sagot ng mga kalahok na nagagamit nila ang wikang Filipino upang makilala ng mga turista ang kanilang lugar. Mas madaling maunawaan ng mga turista ang wikang Filipino sa pagbibigay ng impormasyon or tugon sa kanilang mga katanungan.

Dagdag pa rito sa pagtatanong ng mananaliksik sa mga ahensya sa bayan ng Bulan na may kaugnayan sa usaping turismo ay napansin niyang may mga nakalathalang mga kagamitang panturismo sa Filipino. Ang mga pampublikong pasilidad, atraksyon, at turista ay madalas na may mga impormasyon at pamagat sa Wikang Filipino. Ito ay nagbibigay-daan sa mga lokal na tao at mga bisita na maunawaan ang mga lugar na kanilang binibisita. Ang mga mapanood, pamplet, at iba pang materyales para sa turismo ay may mga bersyon na naka-translate sa Wikang Filipino upang mapadali ang pag-unawa ng mga bisita. Sa mga kampanya at promosyon para sa turismo, ang Wikang Filipino ay ginagamit upang ipaalam ang mga benepisyo at kahalagahan ng pagbisita sa mga lugar.

Ayon kina Santos at Mukminin (2022)[42] ang wika ay partikular na binuo para sa isang nilalayon na layunin. Bilang isang pamilyar na unawa, ang paggamit ng wika ay tumutukoy sa proseso ng pakikipagtalastasan ng kahulugan ng wika. Kaya naman, mahalagang hindi lamang isipin kung ano ang sasabihin kundi kung paano ito dapat sabihin.

Ang Kagawaran ng Turismo at mga lokal na pamahalaan ay maaaring maglaan ng mga paglalakbay sa wika na naglalaman ng mga talakayan kung paano nagsimula ang wika at kung paano ito inakay ng komunidad upang palawakin ang pang-unawa ng mga kabataan, mga mag-aaral, at mga turista kapag binibisita nila ang iba't ibang pook-turismo sa bansa(“Press Release - Legarda: Let Us Save Our Native Languages,” 2018)[43]. Sa pag-aaral ni Estera (2018)[44] ang wikang Flipino ay nagagamit sa pagbibigay impormasyon sa mga turista, ukol sa atraksiyong turismong kanilang binibisita. Mas madaling magkaroon ng ugnayan at pagkakaunawaan ang dalawang panig kung ang wikang gamit ay parehas nilang alam, katulad ng wikang Filipino.

**Nakikilala ng Mabuti ang Wikang Filipino**

Ang Wikang Filipino ay mas higit na nakikilala at naipapamalas sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap, pagsusulat, at pakikinig sa iba't ibang anyo ng komunikasyon. Iba’t ibang pamamaraan ginagamit ang wikang Filipino sa Turismo ng Bulan.

Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa tanggapan ng turismo sa bayan ng Bulan kadalasan ang mga pumupunta o dumarayo sa mga panturismong lugar ay mga lokal lamang na dayuhan. Kaya’t mapapansin rin sa mga kasagutan ng mga kalahok sa panayam na gamitin nila ang wikang Filipino.

K1: “Sa paagi san pakikiistorya sa mga dayu mas nagbabantog ang suromaton na Filipino”

*(Salin-diwa: "*Sa pamamagitan ng pagkikipag-usap sa mga turista ay mas nakikila ang wikang Filipino*")*

K2: "An suromaton na Filipino an pirme ingagamit sa mga dayo na nag-aabot sa bungto"

*(Salin-diwa: "*Ang wikang Filipino ay siyang madalas gamitin sa mga turistang dumarating saaming bayan*")*

K3: "Nakikilala san mga dayu ang suromaton na Filipino kay pirmi amo an gamitun namon"

*(Salin-diwa: "*Mas nakikilala ng mga dayuhan ang wikang Filipino sapagkat ito ang madalas gamitin namin*")*

K4: "Sa paagi san pakikiistorya nan nakasurat na nasa suromaton na Filipino mas nakikilala nira ini…"

*(Salin-diwa: "*Sa paraan ng pakikipag-usap at nakasulat ay nasa wikang filipino kaya mas nakikilala nila ito*")*

Ang mga kalahok ay nagagamit ang wikang Filipino sa iba't ibang pamamaraan lalo pa ito nakikila ng mga dayuhan na siyang nagiging ambag ng turismo sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng madalas na pagamit nito ay unti-unting nakikilala ito.

Ayon sa pag-aaral ni Garay (2019)[45] ang wika ng Filipino ay mas angkop upang itaguyod ang ating sariling bansa, Pilipinas, at ang kakayahang gamitin ito ng mga tauhan sa turismo ay may kakayahan na makipag-ugnayan sa mga bisita mula sa iba't ibang lugar. Dagdag pa kay Sharma (2018)[46] ang wika sa turismo ay itinayo bilang isang mahalagang mapagkukunan para sa pagpapatunay ng lokal na pagkakakilanlan, pagmamarka ng mga hangganan ng komunidad, at pagkakomodipika ng kulturang pamana. Dagdag pa rito ni Lou (2022)[47] ang patuloy na paglago ng pangangailangan para sa maramihang komunikasyon ay naging isang pangunahing elemento na kinakailangang isaalang-alang sa mga transkultural na konteksto, lalo na para sa mga turista.

**Tulay sa Malinaw na Komunikasyon**

Ang Wikang Filipino ay isang mahalagang tulay sa malinaw at epektibong komunikasyon ito ay nagbibigay-daan upang magkaunawaan, magbahagi ng mga ideya, at maipahayag ang saloobin sa paraang mas nauunawaan. Ito rin ay nagpapahintulot pagkakaroon ng malalim na koneksyon sa kultura, kasaysayan at usaping pangturismo.

Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon sa mga turista ay nagkakaroon ng maayos ng palitan ng ideya lalo pa ang tungkol sa impormasyon patungkol sa lugar. Ang gamit ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng mga turismo ay isang intrumento sa pakikipagkomunikasyon at pakikipagtalakayan. Mas nauunawaan ng mga turista ang wikang Filipino sa pakikipag-usap, bilang midyum ng komunikasyon.

Ayon sa K1: "upang magkaintindihan kami ng mga turista ay ginagamit ko ang wikang Filipino" dagdag pa ni k2:"Mas nagkakaunawaan kami ng kausap ko pag wikang Filipino ang gamit". Mapapansin sa mga pahayag ng mga kalahok na nagkakaroon ng maayos na komunikasyon ang turista at mga lokal sa panturismo paggamit ang wikang Filipino.

Ayon kay Tacbad (2014)[48] bagamat Ingles ang wika ng komersyo, hindi pa rin ito ang susi sa kaunlaran ng isang bansa. Sapagkat mas marami pa ring mga turistang nakakaintindi ng wikang Filipino. Ang wikang higit nitong nauunawaan ng mga ito na palagiang ginagamit ay ang pambansang wika na Filipino.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

May mga kuwentong nakapaloob sa bawat lugar panturismo sa bayan ng Bulan na siyang nagdaragdag sa kagandahan ng lugar. May mahalagang benepisyong dulot ang turismo sa bayan ng Bulan sa iba't ibang larangan. Mahalaga ang ambag ng turismo sa wikang Filipino lalo na sa usapin ng pagpapaunlad nito. Inirerekomenda na patuloy paunlarin at kilalanin ang mga turismong mayroon ang bayan ng Bulan. Panatilihin at pagyamanin ang pa ang mga benepisyong na idudulot ng turismo. Mas ipakilala pa ang kuwentong na kapaloob sa mga turismo upang mas makilala pa ang mga lugar panturismo. Pahalagahan ang turismo upang

mas lalo pang umunlad ang wikang Filipino. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa usapin ng turismo at wikang Filipino.

## TALASANGGUNIAN

(1) Ramos, I. L., Bernardo, F., Ribeiro, S. C., & Van Eetvelde, V. (2016). Landscape identity: Implications for policy making. *Land Use Policy*, *53*, 36-43.

(2) Brennan, S. C. (2018). Advocating commodification: An ethnographic look at the policing of Irish as a commercial asset. *Language Policy*, *17*(2), 157–177. https://doi.org/https://doi.org/10.1007/s10993-017-9438-2

(3) Pietikainen, S., & Kelly-Holmes, H. (2011). The local political economy of languages in a Sami tourism destination: Authenticity and mobility in the labelling of souvenirs. *Journal of Sociolinguistics*, *15*(3), 323–346. https://doi.org/https://doi.org/10.1111/j.1467-9841.2011.00489.x [Crossref] [Web of Science

(4) UNWTO. (2018). *Tourism and culture synergies*. World Tourism Organization (UNWTO).

(5) Arellano, A. C. (2020). The image of the Philippines as a tourism destination in Finland.

(6) Zubiri, S. (2023, March 28). Beyond the beaches: five adventure experiences in the Philippines. Travel. https://www.nationalgeographic.com/travel/article/paid-content-philippines-adventure-experiences

(7) Bigne, J. E., Sanchez, M. I., & Sanchez, J. (2001). Tourism image, evaluation variables and after purchase behaviour: inter-relationship. Tourism management, 22(6), 607-616.

(8) Jin, N., Lee, H., & Lee, S. (2013). Event quality, perceived value, destination image, and behavioral intention of sports events: The case of the IAAF World Championship, Daegu, 2011. Asia Pacific Journal of Tourism Research, 18(8), 849-864.

(9)(28)(30) The Tourism Act of 2009, Republic Act No. 9593 ( May 12, 2009)(Phil.) , https://www.officialgazette.gov.ph/2009/05/12/republic-act-no-9593-s-2009/

(10) Batas Republika 10066- Cultural Heritage of 2009

(11) Calipay, C. (2022). Sorsogon reopens doors to local, foreign tourists. Philippines News Agency. Retrieved September 15, 2023, from https://www.pna.gov.ph/articles/1168647

(12) Chua, V., (2017, March). Assessment of sustainable tourism potentialities of Sorsogon Philippines. International Journal of Current Research, 9(3), 48498–48505. https://www.journalcra.com/sites/default/files/issue-pdf/21552.pdf

(13) Census of Population (2020). "Region V (Bicol Region)". Total Population by Province, City, Municipality and Barangay. Philippine Statistics

(14) Attraction Map - Sorsogon Provincial Government. (2023, September 13). Sorsogon Provincial Government. https://sorsogon.gov.ph/tourism/interactive-map/

(15) Kim, J. H., & Youn, H. (2017). How to design and deliver stories about tourism destinations. *Journal of Travel Research*, *56*(6), 808-820.

(16) Esconde, E. (2021, January 28). Tourists prefer to visit open areas during pandemic: Puyat. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1128793

(17) Kim, D. Y. (2009). A study of the influence of wine storytelling on brand recognition and purchasing behavior (Doctoral dissertation, MS Thesis).

(18) Bassano, C., Barile, S., Piciocchi, P., Spohrer, J. C., Iandolo, F., & Fisk, R. (2019). Storytelling about places: Tourism marketing in the digital age. Cities, 87, 10-20.

(19) Okumus, B., Xiang, Y., & Hutchinson, J. (2018). Local cuisines and destination marketing: Cases of three cities in Shandong, China. Asia Pacific Journal of Tourism Research, 23(6), 584-599.

(20) Choi, S. S. (2016). A study on effect of tourism storytelling of tourism destination brand value and tourist behavioral intentions. Indian Journal of Science and Technology, 9(46), 1-6.

(21) Sofronov, B. (2017). The economic impact on global tourism. *Annals of Spiru Haret University. Economic Series*, *17*(2), 127-139.

(22) Erkin, G., & Odilov, A. (2023). THE IMPORTANCE OF THE TOURISM INDUSTRY FOR ECONOMIC DEVELOPMENT. *Best Journal of Innovation in Science, Research and Development*, *2*(10), 412-416.

(23) Sari, F. Ö., & Nazli, M. (2013). A Qualitative Study on the Pride Notion of Tourism and Hospitality Students in Turkey. *International Journal of Contemporary Economics & Administrative Sciences*, *3*.

(24) Tourism and Events (2014). How Tourism Benefits Communities. Retrieved from http://www.tq.com.au/resource-centre/community-engagement/howtourismbenefits-communities/how-tourism-benefits communities_home.cfm

(25) Costa, J. (2017). How are companies and destinations "surfing the wave" of global tourism? Strategic question overview. *Worldwide Hospitality and Tourism Themes*, *9*(6), 588-591.
(26) World Travel and Tourism Council-WTTC. (2021). Global economic impact and trends 2021. Global.
(27) Javier, A. B., & Elazigue, D. B. (2011, March). Opportunities and challenges in tourism development roles of local government units in the Philippines. In *3rd Annual Conference of the Academic Network of Development Studies in Asia, Nagoya University, Japan*.
(29) Republic Act No. 7160 of 1991- The Local Government Code
(31) Gunawijaya, J., & Pratiwi, A. (2018). How Local Community Could Contribute to the Tourism Development in Rural Area?. *KnE Social Sciences*, 826-834.
(32) Kamarudin, K.H., (2013). Local Stakeholders Participation in Developing Sustainable Community Based Rural Tourism (CBRT): The Case of Three Villages in The East Coast of Malaysia. International Conference on Tourism Development, pp. 33 – 40.
(33) Yehia, Y. (2019, March 26). The Importance of Tourism on Economies and Businesses. Retrieved from https://globaledge.msu.edu/blog/post/55748/the-importance-of-tourism-on-economies-a
(34) Surban, A. L. N., & Marbella, F. D. (2022). Istoryang Turismo Ng Bulusan. *Research and Analysis Journal*, *5*(12), 30-38.
(35) Galon, W., & Marbella, F. D. (2022). Wikang Filipino Gamit Sa Pagpapakilala Ng Atraksiyong Turismo Sa Bayan Ng Barcelona. *Research and Analysis Journal*, *5*(12), 39-48.
(36) Pachucki, C., Grohs, R., & Scholl-Grissemann, U. (2022). No story without a storyteller: The impact of the storyteller as a narrative element in online destination marketing. *Journal of Travel Research*, *61*(8), 1703-1718.
(37) Moin, S. M. A., Hosany, S., & O'Brien, J. (2020). Storytelling in destination brands' promotional videos. *Tourism Management Perspectives*, *34*, 100639.
(38) Smith, M. K. (2015). *Issues in cultural tourism studies*. Routledge.
(39) Cole, S. (2007). Beyond authenticity and commodification. *Annals of tourism research*, *34*(4), 943-960.
(40) How Tourism Can Protect Cultural Heritage. (2023, June 29). Retrieved from https://www.solimarinternational.com/how-tourism-can-Protectculturalheritage/#:~:text=One%20of%20the%20most%20impactful,pride%20in%20that%20cultural%20history
(41) Besculides, A., Lee, M. E., & McCormick, P. J. (2002). Residents' perceptions of the cultural benefits of tourism. *Annals of tourism research*, *29*(2), 303-319.
(42) Santos, M. L., & Mukminin, A. (2022). The power of language: The persuasiveness used in selected Philippines' and Thailand's tourism brochures. *Studies in English Language and Education*, *9*(3), 1201-1220.
(43) Press Release - Legarda: Let Us Save Our Native Languages. (2018.). Retrieved from https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2018/0221_legarda1.asp
(44) Estera, J.E. (2018) Wikang Filipino Gamit sa Pagkilala ng Turismong Jubangnon, Sorsogon State College, Lungsod Sorsogon.
(45) Garay, J. (2019). Linguistic politeness of tourism personnel: Social interaction among local tourists in context. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation (IJLLT)*.
(46) Sharma, B. K. (2018). English and discourses of commodification among tourism workers in the Himalayas. Journal of Sociolinguistics, 22(1), 77– 99. https://doi.org/10.1111/josl.12274
(47) Luo, Y. (2022, July). The Role of Language and Cultural Commodification in Tourism. In *2022 3rd International Conference on Language, Art and Cultural Exchange (ICLACE 2022)* (pp. 3-6). Atlantis Press.
(48)Tacbad, V. (2014). Wika sa Aspeto ng Ekonomiks at Kalakalan [Powerpoint Slide].